


## MAKAKATULONG ANG IYONG PAARALAN NA BUUIN ANG MGA PIRA- PIRASO



Nakatalaga ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (Los Angeles Unified School District) na pagsilbihan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng bawat isa ng mga estudyante nito. Natututo ang mga bata sa sari-saring paraan at karamihan sa aming mga estudyante ay epektibong natututo sa isang tradisyonal na kapaligiran. Subalit, paminsan-minsan nangangailangan ang mga bata ng karagdagang tulong. Maaaring karapat-dapat ang mga batang may kapansanan na tumanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Ang mga serbisyong ito ay dinisenyo upang tumugon sa mga pangangailangan nila sa edukasyon at ibibigay nang walang karagdagang gastos sa mga pamilya nila. Sa ilang mga sitwasyon, maaaring magsimula ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa kapanganakan at magpapatuloy hanggang sa edad na dalawampu't dalawa.

## Paano ko malalaman ang higit pa tungkol sa mga karapatan ng aking anak at mga karapatan ko bilang magulang?

Sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA, o Batas para sa Edukasyon ng Mga Taong May Kapansanan), ang batang may mga kapansanan ay maaaring may karapatan sa isang pampublikong edukasyon na dinisenyo upang tumugon sa kanilang mga natatanging pangangailangan. Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga karapatan ng iyong anak, humiling ng isang kopya ng publikasyon ng Distrito na, A Parent's Guide to Special Education Services (Isang Patnubay para sa Magulang sa Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon), sa iyong lokal na paaralan o opisina. Ang libritong ito ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga proteksiyon mo sa ilalim ng batas.


## Saan ako tatawag para sa karagdagang impormasyon?

Tawagan ang iyong lokal na pampublikong paaralan o ang sumusunod na numero ng Distrito kung kailangan mo ng karagdagang tulong:


**213-241-6701**



## NALILITO KA BA SA MGA ESPESYAL NA PANGANGAILANGAN NG IYONG ANAK?



## Impormasyon para sa Mga Magulang sa Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon



Inilathala ng  
Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng  
Los Angeles

Nirebisa noong Setyembre 2016

CC # 966-52-60280 Tagalog

## **Paano ko malalaman kung nangangailangan ang aking anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon?**

Maaaring may mga sagabal na humahadlang sa kanyang kakayahan upang makapasok sa paaralan o upang matuto. Ang mga sagabal na ito ay maaaring nasa isa sa mga pangkalahatang larangan na ito:

### **❖ Pagsulong ng pagsasalita at wika**

Ang ilang mga bata ay maaaring labis na nahihirapan sa pagtutong makapagsalita nang malinaw at/o maintindihan ang anumang sinasabi sa kanila.

### **❖ Mga problema sa paningin**

Ang ilang mga bata ay may matinding kahirapan sa pagtanaw ng mga bagay at/o mga nakaprintang salita kahit na maaaring nakasuot na sila ng mga salamin.

### **❖ Mga problema sa pandinig**

Ang ilang mga bata ay may kahirapan sa pagdinig at/o pagtukoy ng mga tunog at mga boses, kahit pa may mga hearing aid.

### **❖ Pisikal na pagsulong**

Ang ilang mga bata ay may problema sa pagtuto sa paglakad, paggalaw o pagtrabaho gamit ang mga maliliit na bagay.

### **❖ Pagsulong na pag-aaral**

Ang ilang mga bata ay may matinding kahirapan sa pagtutong magbasa, magsulat o sa aritmetika. Ang mga musmos na bata ay maaaring may kahirapan sa mga kakayahang pre-school katulad ng pag-aaral ng mga hugis at kulay.

### **❖ Mga kakayahan sa pag-iisip/memorya**

Ang ilang mga bata ay maaaring mas mahihirapan kaysa ibang mga bata sa pag-alaala sa kung ano ang nakita o narinig nila. Bilang resulta, maaaring mahirap sa kanilang lutasin ang mga problema sa pang-araw-araw na pamumuhay o gawain sa paaralan.

### **❖ Mga kakayahan sa pagtuon ng atensiyon/persepsiyon**

Ang ilang mga bata ay maaaring nahihirapan sa pagproseso o pag-intindi ng impormasyon. Bilang resulta, maaaring mahirap para sa kanila na magtuon ng pansin o sumunod sa mga tagubilin.

### **❖ Panlipunan/emosyonal na pagsulong**

Ang ilang mga bata ay maaaring may problema sa pagkontrol sa nararamdaman at/o ugali nila. Maaaring napakahirap para sa kanila na makisama sa iba. Maaaring mahirap para sa kanila na makipagkaibigan o kayanin ang mga pagbabago sa kanilang buhay.

### **❖ Mga kakayahan sa pamumuhay**

Ang ilang mga bata ay maaaring mahirapan sa mga pang-araw-araw na aktibidad katulad ng pagsuot ng damit, sariling pagkain o pag-asikaso sa kanilang karaniwang pangangailangan sa kalusugan o pag-aayos ng sarili.

### **❖ Iba pang mga kondisyon sa kalusugan**

Ang ilang mga bata ay may malubha o hindi gumagaling (chronic) na mga medikal na kondisyon na maaaring humadlang sa pagpasok sa paaralan o pagtuto.

## **Ano ang dapat kong gawin kung naniniwala akong nangangailangan ang ating anak ng espesyal na edukasyon?**

Tawagan ang iyong lokal na pampublikong paaralan para matulungan ka. Kung mangangailangan ang iyong anak ng pagtatasa para sa mga serbisyo sa espesyal na

edukasyon, hihilingin sa iyong magbigay ng nakasulat na pahintulot para sa pagtatasa.

## **Ano ang sangkot sa isang pagtatasa para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon?**

Ang pagtatasa ay kinasasangkutan ng pagkalap ng impormasyon tungkol sa iyong anak upang malaman kung may kapansanan ang iyong anak. Maaaring kabilang sa pagtatasa ang mga pagsusulit sa indibidwal, mga pag-oobserba, mga panayam at mga pagrerepaso ng mga rekord sa paaralan, mga ulat o mga muwestra ng trabaho.

## **Gaano katagal ang pagtatasa?**

Kapag may pasok sa paaralan, dapat tumugon ang Distrito sa pamamagitan ng sulat sa iyong hiling ng pagtatasa sa loob ng 15 araw. Hihilingin sa iyong pumirma ng isang Assessment Plan (Plano sa Pagtatasa). Kapag natanggap na ng Distrito ang iyong napirmahang Assessment Plan, dapat kumpletuhin ang pagtatasa at ibibigay sa iyo ang mga resulta sa isang pagpupulong ng Individualized Education Program (IEP, Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal) sa loob ng 60 araw.

## **Ano ang maaasahan mo sa isang pagpupulong ng IEP?**

Aanyayahan ka sa isang pagpupulong ng Individualized Education Program (IEP) na gaganapin upang ibahagi ang mga resulta ng pagtatasa sa iyong anak at upang malaman kung may mga espesyal na pangangailangan ang iyong anak na sanhi upang maging karapat-dapat siya para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Kung karapat-dapat ang iyong anak, ilalarawan sa IEP ang mga serbisyo at programa na maaaring kakailanganin niya. Kung matutukoy ng Distrito na hindi karapat-dapat ang iyong anak, may karapatan kang i-apela ang desisyon.